

Ang Paghahanap Sa Pinakamagandang Dalaga


Noong unang panahon, may isang makisig at matipunong lalaki. Pero mayabang siya at sobrang bilib sa sarili. Gusto niyang maging asawa ang pinakamagandang dalaga.

Isang araw habang nangangaso sa gubat, napansin niya ang isang dalagang nakatayo sa gitna ng parang, sa tabi ng punong talisay. Naakit siya sa maamong mukha nito, sa kutis at makintab na buhok na kulay ginto.

"Ikaw na ang pinakamagandang dalagang nakita ko sa buong buhay ko." sabi niya sa sarili habang palapit sa dalaga.

Pero bigla na lang itong nawala. Nagulat siya at nataranta.

"Magandang dilag, magpakita ka!" pero walang sumagot.



Dahil sa gustong gusto niyang makilala ang dalaga ay nilibot niya ang kabundukan. Pero hindi niya nakita ang dalaga.

Sa sobrang pagod at inis ay napasigaw siya, "Hoy dalaga, ikaw na ang pinakapangit na babaeng nakita ko."

Napaupo siya sa ilalim ng talisay at nakatulog.

Naalimpungatan siya sa mabangong simoy ng hangin. Nang dumilat siya ay nakita niya sa liwanag ang maamong mukha ng isang dalaga.

"Mayabang na lalaki, napakasama ng iyong ginawa! Ginambala mo ang aking katahimikan. Iyan ang bagay sa mga taong mapanlait." At doon niya napansing lumilipad siya. Isa na pala iyang insekto.

"Mawawala lamang ang sumpang iyan kung madadala mo sa akin ang pinakamagandang dalaga sa iyong mundo."

Mula noon, dala-dala ang isang lampara, paikot-ikot siya kung saan-saan para maghanap ng pinakamagandang dalaga.



“Paumanhin wala akong nakita sa paglalakbay ko,”
mahina ang boses niya nang bumalik sa harap ng puno.
At patuloy siyang naghanap ng pinakamagandang
dalaga na hawak-hawak ang kanyang lampara.

Mula noon ay makikita ang mga alitaptap na
umaaligid sa mga punong may mayayabong na dahon
na para bang may kinakausap o hinahanap sa gitna ng
gabi.